

Nagwakas na ang inyong mga benepisyong sa EXTRA CalFresh. Hindi ang inyong mga benepisyong sa regular na CalFresh.

Simula Abril 2023, hindi na kayo makakatanggap ng mga Pang-emergency na Allotment, ang pangalawang depositong benepisyong ng CalFresh sa inyong EBT card kada buwan. Nagwakas na ang mga Pang-emergency na Allotment ng CalFresh noong Pebrero 28, 2023, at ang huling pagbibigay ay noong Marso 26, 2023.

Ano ang Dagdag na Pongong Pang-emergency ng CalFresh?

Ang Pang-emergency na Allotment ay ang “dagdag” na perang idinedeposito sa inyong EBT card sa katapusan ng bawat buwan. Simula Abril 2023, makakatanggap na lang ng regular na halaga ng benepisyong kuwalipikado para sa sambahayan ang mga tumatanggap ng CalFresh. Ang halagang iyon ay ipapasok nang isang beses sa loob ng unang 10 araw kada buwan sa inyong EBT card, gaya ng dati.

Ano ang dapat kong gawin?

Para tiyakin na natatanggap ninyo ang lahat ng benepisyong kuwalipikado kayo, i-report ang anumang pagbabago sa kalagayan ninyo sa Alameda County Social Services Agency, kabilang ang:

- Address ninyo
- Anumang pagbaba sa halaga ng kita ng inyong sambahayan
- Mga gastos sa pabahay
- Mga gastusin sa pangangalaga ng inyong dependent o anak
- Mga gastusing medikal (kung kayo ay edad 60+ o may kapansanan lamang)

Maisusumite ang katibayan ng anumang pagbabago online sa mybenefitscalwin.org, getcalfresh.org/docs, o virtualkiosk.acgov.org

May mga available pa bang mapagkukunan ng tulong?

Maikokonekta namin kayo sa ibang mapagkukunan ng tulong sa komunidad para matulungan kayo sa pagpapakain sa inyong pamilya.



FoodNow.net

Gamitin ang Food Locator tool para makahanap ng LIBRENG pagkain na malapit sa inyo, kasama ang mga hot meal at groceries. Bisitahin ang [FoodNow.net](https://www.foodnow.net) ngayon.



Women, Infants & Children (WIC)

Makakabigay ang programang WIC ng pagkain gaya ng gatas, instant formula, at itlog para sa nagdadalang-tao, bata na wala pang 5 taon at mga sanggol. Mag-apply ngayon sa [acphd.org/wic](https://www.acphd.org/wic)



Market Match

Doblehin ang inyong dolyar ng CalFresh sa mga farmers' market gamit ang programang Market Match. Alamin ang higit pa sa [MarketMatch.org](https://www.MarketMatch.org)

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa mga pagbabagong ito sa benepisyong, mangyaring tumawag sa:



1-888-445-1955

Para sa impormasyon tungkol sa mga paraan ng pagreport ng mga pagbabago, mag-scan dito.



I-SCAN AKO